**Ministri ng Paggawa, Imigrasyon, Pagsasanay at Pagpapaunlad ng Kakayahan (Ministry of Labour, Immigration, Training and Skills Development)**

# Mga Manggagawa sa Agrikultura

## Mga Pamantayan sa Trabaho

Ang *Batas sa Mga Pamantayan sa Pagtatrabaho, 2000* (ESA) ay isang batas na nagtatakda sa mga minimum na pamantayan para sa mga bagay na gaya ng suweldo, mga oras ng trabaho, mga panahon para sa pahinga at panahong walang pasok sa karamihan ng mga lugar ng trabaho sa Ontario. Bisitahin ang Ontario.ca/ESAGuide upang malaman ang higit pa tungkol sa ESA.

Pinoprotektahan ang lahat ng empleyado sa agrikultura na nagtatrabaho sa Ontario sa ilallim ng ESA. Kabilang dito ang mga pansamantalang dayuhang manggagawa.

Depende sa kategoryang kinabibilangan ng empleyado sa agrikultura, maaaring magkakaibang panuntunan at pamantayan ang nalalapat. Ang apat na kategorya ay:

1. mga tauhan sa bukid
2. mga tagaani
3. mga kahalintulad ng magsasaka
4. mga landscape gardener

Kung kabilang ang trabaho ng tauhan sa mahigit sa isang kategorya, ang paraan ng paggugol niya sa karamihan ng oras sa trabaho ang pagbabatayan kung aling mga panuntunan at pamantayan ang nalalapat.

Para sa impormasyon tungkol sa mga espesyal na panuntunan at pagbubukod para sa mga tauhan sa agrikultura, gamitin ang gabay sa mga espesyal na panuntunan at pagbubukod, na makikita sa Ontario.ca/ESAtools.

### Paghahain ng claim

Kung naniniwala ka na nalabag ang ESA o ang *Batas sa Proteksyon sa Trabaho para sa Mga Dayuhang Mamamayan (Employment Protection for Foreign Nationals Act* o EPFNA), maaari kang maghain ng claim sa t Ontario.ca/ESAclaims.

### Tulong sa mga pamantayan sa atrabaho

Kung mayroon kang mga tanong tungkol sa mga pamantayan sa trabaho, bisitahin ang Ontario.ca/ESAguide o tumawag sa Information Center para sa Mga Pamantayan sa Trabaho (Employment Standards Information Centre) ng Ministri ng Paggawa, Imigrasyon, Pagsasanay at Pagpapaunlad ng Kakayahan sa 416-326-7160, 1-800-531-5551 (toll free), o sa 1-866-567-8893 (TTY para sa may problema sa pandinig). Available ang serbisyo sa maraming wika.

### Mga uri ng tauhan sa agrikultura

| Uri | Paglalarawan |
|---|---|
| Mga tauhan sa bukid | Direktang nauugnay ang trabaho sa pangunahing produksyon ng ilang partikular na agrikulturang produkto. Kabilang sa pangunahing produksyon ang pagtatanim ng mga crop, pag-araro, pruning, pagpapakain at pag-aalaga para sa livestock. |
| Mga tagaani | Direktang nauugnay ang trabaho sa pag-aani o pagdadala ng mga produktong prutas, gulay o tabako para ibenta o iimbak. |
| Mga kahalintulad ng magsasaka | Direktang nauugnay ang trabaho sa:<br>• pagpapalago ng mga bulaklak o puno at shrub para sa retail at wholesale na pakikipagkalakalan<br>• pagpapatubo, paghahatid at paglalatag ng sod<br>• pag-breed at pag-aalaga ng mga kabayo<br>• pag-aalaga ng mga mabalahibong mammal para sa pag-breed o komersyal na produksyon ng mga pelt |
| Mga landscape gardener | Direktang nauugnay sa trabaho ang pagbabago sa anyo o pagmementina ng lupa para sa isang layunin na kadalasan ay pang-aesthetic. |

**Pagtatanggi:** Inihanda ang resource na ito upang matulungan ang mga tauhan at employer na maunawaan ang ilan sa mga minimum na karapatan at obligasyong itinakda sa ilalim ng *Batas sa Mga Pamantayan sa Trabaho, 2000* (ESA) at mga regulasyon. Hindi ito legal na payo. Hindi nito nilalayong palitan ang ESA o mga regulasyon at dapat gawin palagi ang pagsangguni sa opisyal na bersyon ng batas. Bagama't sinisikap naming tiyakin na napapanahon at tumpak ang impormasyon sa resource na ito hangga't maaari, nagkakaroon paminsan-minsan ng mga pagkakamali. Nagbibigay lang ng mga minimum na pamantayan ang ESA. Maaaring mas marami pa ang karapatan ng ilang tauhan sa ilalim ng kontrata sa trabaho, collective agreement, karaniwang batas o iba pang lehislasyon. Maaaring humingi ng legal na payo ang mga employer at tauhan.

Ontario

**Ministri ng Paggawa, Imigrasyon, Pagsasanay at Pagpapaunlad ng Kakayahan (Ministry of Labour, Immigration, Training and Skills Development)**

# Mga Manggagawa sa Agrikultura

## Mga ligtas na lugar sa trabaho na mainam sa kalusugan at ang batas

Itinatakda ng *Batas sa Kalusugan at Kaligtasan sa Trabaho (Occupational Health and Safety Act* o OHSA) ang mga karapatan at tungkulin sa kalusugan at kaligtasan ng lahat sa lugar ng trabaho. Ipinatutupad ng Ministri ng Paggawa, Imigrasyon, Pagsasanay at Pagpapaunlad ng Kakayahan (Ministry of Labour, Immigration, Training and Skills Development o MLITSD) ang batas na ito. Napapailalim sa ilang partikular na kundisyon at limitasyon, nalalapat ang OHSA sa lahat ng operasyon sa pagsasaka na mayroong mga binabayarang manggagawa, kabilang ang mga pansamantalang dayuhang manggagawa sa agrikultura.

### Kalusugan at kaligtasan sa trabaho

Kung mayroon kang mga alalahanin sa kalusugan at kaligtasan sa lugar ng trabaho, sabihin sa iyong immediate supervisor o sa iyong employer. Kung hindi malulutas ang iyong alalahanin, sabihin sa manggagawang miyembro ng Pinag-isang Komite sa Kalusugan at Kaligtasan (Joint Health and Safety Committee) ng lugar ng trabaho o sa Kinatawan para sa Kalusugan at Kaligtasan ng lugar ng trabaho. Kung inaalala mo pa rin ang tungkol sa iyong kaligtasan sa trabaho, tumawag sa **Contact Center para sa Kalusugan at Kaligtasan** ng ministri **sa 1-877-202-0008**. Kung kailangan mo ng ibang wika bukod sa English o French, manatili sa telepono hanggang sa masagot ang iyong tawag at pagkatapos ay hilingin ang wikang kailangan mo. Hindi mo kailangang ibigay ang iyong pangalan.

### Maaari ka bang parusahan ng iyong employer dahil sa pagtanggi sa hindi ligtas na trabaho?

Hindi. Hindi pinahihintulutan ang iyong employer na alisin, disiplinahin o pagmultahin ka nang dahil sa pagsunod, o paghiling sa iyong employer na sumunod, sa mga batas sa kalusugan at kaligtasan sa lugar ng trabaho, sa pagsunod sa isang kautusan ng inspektor ng MLITSD o pakikipag-usap sa isang inspektor, o dahil sa pagtanggi sa hindi ligtas na trabaho. Ito ay pagganti sa ilalim ng OHSA.

### Iyong mga karapatan

- May karapatan kang malaman ang tungkol sa mga panganib sa kalusugan at kaligtasan sa lugar ng trabaho
- May karapatan ka sa pagsasanay at pagkakaroon ng impormasyon upang ligtas na makapagtrabaho
- May karapatan kang makibahagi sa pagtukoy at paglutas ng mga alalahanin sa kalusugan at kaligtasan sa lugar ng trabaho
- May karapatan kang tumanggi sa trabaho na sa palagay mo ay mapanganib

### Kung nagtamo ka ng pinsala sa trabaho

- Kung nangangailangan ka ng first aid, humiling kaagad nito.
- Sabihin kaagad sa iyong employer o supervisor ang tungkol sa iyong pinsala.
- Dapat magbigay ng transportasyon ang mga employer kung nangangailangan ka ng medikal na pangangalaga at dapat nilang bayaran ang sahod mo para sa araw na nagtamo ka ng pinsala.
- Kung magkakaroon ka ng pinsala/karamdamang nauugnay sa lugar ng trabaho na may kinalaman sa pangangalagang paggamot sa kalusugan at/o pagliban sa trabaho, o nawalang sahod, dapat iulat ng iyong employer ang pinsala o karamdaman mo sa **Lupon para sa Seguro sa Kaligtasan sa Lugar ng Trabaho (Workplace Safety and Insurance Board o WSIB)**, sa loob ng tatlong araw pagkatapos malaman ang tungkol dito. Para sa higit pang impormasyon, makipag-ugnayan sa WSIB sa **1-800-387-0750**.

**Available ang page na ito sa English, French, Spanish at Thai.**

**Tanggapan ng Tagapayo sa Manggagawa (Office of the Worker Adviser)**

Tumawag sa OWA kung kailangan mo ng tulong sa paghahain ng claim sa WSIB sa 1-800-435-8950 o paghahain ng reklamo sa Pagganti sa 1-855-659-7744. Makapagbibigay ng libreng payo ang OWA at maaari ka nitong katawanin.

**Contact Center para sa Kalusugan at Kaligtasan ng Ministri ng Paggawa, Imigrasyon, Pagsasanay at Pagpapaunlad ng Kakayahan**

Tumawag sa **1-877-202-0008** anumang oras upang mag-ulat ng mga kritikal na pinsala, pagkasawi, pagtanggi sa trabaho at hindi ligtas na kagawian sa trabaho. Tumawag nang 8:30 a.m. hanggang 5 p.m. Lunes hanggang Biyernes para sa mga pangkalahatang tanong tungkol sa kalusugan at kaligtasan sa lugar ng trabaho. **Tumawag palagi sa 911** kapag may emergency.

**Higit pang impormasyon**
**Ontario.ca/laws/statute/90o01**
**Ontario.ca/HealthAndSafetyAtWork**
**Ontario.ca/farmworkersafety**
**Ontario.ca/COVIDsafety**

Ontario